

مكاتفة
mukatafa



Alituntunin ng mga Regulasyon
at Parusa para sa mga **Empleyado ng
mga Komersyal na Establisyemento**
Para Harapin ang Covid-19

Unang Edisyon 2.2021

Introduksyon

Ang mga empleyado ng mga komersyal na mga establisyemento ay may kritikal na papel sa pagsisikap ng Kaharian, mga institution at mga indibiduwal, sa pakikipaglaban sa pagharap sa Covid19 na pandemya sa pamamagitan ng kanilang pangakong pagsunod sa mga protokol at mga hakbang sa pag-iingat na isinasagawa na may layunin na kontrolin ang pagkalat ng Coronavirus. Samakatuwid, itong alituntunin ng mga parusa at regulasyon ay isinagawa upang malimitahan ang mga empleyado ng mga komersyal na mga establisyemento sa paglabag sa Pangkalahatang Panuntunan sa Pangkalusugan at mga regulasyon sa trabaho.

Ang Alituntunin ay itinatag para sa sumusunod na sektor:

Mga Empleyado ng Pribadong Sektor.

Layunin ng pagbuo ng manwal:

- Magtatag ng sistema ng mga pamamaraan na magkokontrol sa pagpapatupad ng mga hakbang sa pag-iingat at panuntunan sa kalusugan ng publiko sa lugar ng trabaho
- Siguraduhin na nakatuon ang mga empleyado sa mga hakbang sa pag-iingat na may layunin ng pagkontrol sa pagkalat ng Covid - 19
- Pagbawas sa bilang ng mga empleyado na gumagawa ng paglabag ng mga sa batas sa pampublikong kalusugan sa lugar ng trabaho

Naangkop na mga dokumento at regulasyon:

- Listahan ng mga parusa at paglabag sa patakaran at pamamaraan ng kumpanya
- Mga regulasyon ng Ministeryo ng Pangkalusugan (Ministry of Health) para sa mga hakbang sa pag-iingat at pagsugpo
- Mga protokol sa pag-iwas upang malimitahan ang pagkalat ng Covid - 19 virus
- Mga regulasyon upang malimitahan ang mga pagtitipon na ipinatupad ng Ministeryo ng Panloob (Ministry of Interior)

Mga Kalakip:

- Listahan ng mga paglabag at parusa sa hindi pagsunod sa mga hakbang sa pag-iwas
- Listahan ng mga paglabag at parusa sa hindi pagsunod sa mga hakbang sa pag - iingat
- Mga Madalas Itanong

Paano gagamitin ang Alituntunin:

Bago ipatupad ang alituntunin ng mga parusa para sa mga empleyado ng komersyal na mga establisyemento para harapin ang Covid - 19, dapat idagdag sa establisyemento ang mga panloob na patakaran at pamamaraan at isumite para aprubahan sa pamamagitan ng panloob na platform para sa panloob ng regulasyon sa account ng kumpanya kasama ng Ministeryo ng Yamang Pantao (Ministry of Human Resources).

Listahan ng mga Paglabag at Parusa para sa Hindi Pagsunod sa mga Hakbang ng Pag-iingat

Uri ng Paglabag	Parusa sa disiplina para sa empleyado Parusa (porsiyentong bawas mula sa arawang sahod)		
	Unang Paglabag	Pangalawang Paglabag	Pangalawang Paglabag
Mga paglabag sa hindi pagsunod sa mga instruksyong medikal kaugnay sa Covid19-, kasama ang: <ul style="list-style-type: none"> • Pag-aatubili sa pagsunod sa mga instruksyong pagsugpo para labanan ang Covid - 19 • Intensyonal na pagtago ng mga resulta sa mga pagsusuri • Pagpasok sa trabaho na hindi sinasabi nga presensya ng paghinala ng impeksyon o pagkakasalumuha sa isang nakumpirmang kaso 	Isang araw	Dalawang araw	Tatlong araw
Paglabag sa hindi pagsuot ng pansariling kagamitan sa pangangalaga: <ul style="list-style-type: none"> • Hindi pagsuot ng mask o anumang pantakip sa mukha at ilong kapag pumapasok sa lugar ng trabaho • o hindi pagsuot nito habang ang empleyado ay nasa pampublikong lokasyon sa lugar ng trabaho 	Isang araw	Dalawang araw	Tatlong araw
Pakikipagkamay o iba pang pisikal na pagtitipon	Isang araw	Dalawang araw	Tatlong araw
Pagsasagawa ng mga pagtitipon at mga pangyayaring panlipunan (social events)	Isang araw	Dalawang araw	Tatlong araw
Hindi paggamit ng mga paper cup o personal na baso sa pag-inom	50%	75%	100%
Paglipat sa iba't-ibang lugar sa trabaho ng hindi naglilinis ng kamay o hindi paggamit ng nilinis na materyal	50%	75%	100%
Hindi pagsunod sa mga pamamaraan ng quarantine	Isang araw	Dalawang araw	Tatlong araw

Listahan ng mga Paglabag at Parusa para sa Hindi Pagsunod sa mga Hakbang ng Pag-iingat

Uri ng Paglabag	Parusa sa disiplina para sa empleyado Parusa (porsiyentong bawas mula sa arawang sahod)		
	Unang Paglabag	Pangalawang Paglabag	Pangalawang Paglabag
Hindi pagsunod sa mga hakbang sa pag-iingat at pag-iwas na nilathala ng Ministryo ng Yamang Pantao at Kaunlarang Panlipunan (Ministry of Human Resource and Social Development) , Ministryo ng Panloob (Ministry of Interior) , Ministryo ng Pangkalusugan (Ministry of Health) at mga kaugnay na mga awtoridad, na maliwanag na isinaad para sa mga empleyado.	50%	Isang araw	Dalawang araw
Kapabayaang sa pagpapatupad ng mga aktibidad na maaaring makasakit mga manggagawa at mga empleyado.	Isang araw	Dalawang araw	Tatlong araw
Pagtanggap sa mga bisita o panauhin na walang patiunang pag-iskedyul na appointment na ayon sa pamamaraan na itinakda ng mga naaayon na awtoridad.	50%	Isang araw	Dalawang araw
Kakulangan ng kusang-paggawa o pag-aatubili sa pagkuha ng temperatura kapag pumapasok sa lugar ng trabaho.	Isang araw	Dalawang araw	Tatlong araw
Hindi paglalagay ng mga floor sticker na nagsasaad ng ligtas ng distansya (hindi bababa sa isa't kalahating metro) na dapat sinusunod sa lugar ng trabaho.	50%	75%	100%
Hindi paggamit ng mga pangpersonal na banig ng pagdasal sa panahon ng mga panggrupong pagdasal o hindi pagmintina ng ligtas na distansya (hindi bababa sa isa't kalahating metro) sa pagitan ng mga sumasamba.	50%	75%	100%
<ul style="list-style-type: none"> Hind pagkuha ng mga Security Guard ng temperatura ng mga empleyado at bisita Hindi pagsuri kung ang mga empleyado o bisita ay nai-download na ang Tawakkalna application Hindi pagsuot ng mga telang face masks o anumang pantakip sa mukha at ilong habang nasa lugar ng trabaho 	Isang araw	Dalawang araw	Tatlong araw
Hind pagsunod ng mga empleyado sa paggamit ng Tawakkalna app.	Isang araw	Dalawang araw	Tatlong araw

Mga Madalas Itanong

-1 Ang mga aplikasyon ng mga parusa at paglabag na nakasaad sa mga Alituntunin ay inuubliga ba ng mga komersyal na establisyemento?

Itong alituntunin ay hindi sapilitan, ang layunin ng pagpapatupad nito ay upang hayran ang establisyemento ng pribadong sektor na magkaroon ng reperensiya na magpatupad ng paglabag at parusa sa mga empleyado na hindi sumusunod sa mga hakbang sa pag-iingat, na may layuning patibayin ang pagpapatupad sa mga protokol sa pag-iingat upang makontrol ang pagkalat ng Coronavirus.

-2 Dahil sa ang mga kaparusahan na nakalista sa mga alituntunin ay pansamantala at hindi isasama sa opisyal na patakaran at pamamaraan ng kumpanya, maaari bang magdulot ng anumang isyu sa manggagawa na magresulta sa anumang problema sa Ministry of Human Resources and Social Development at Labor Office?

Itong alituntunin ay hindi obligado na reperensya para sa mga pribadong sektor na establisyemento, at ang panahon ng bisa sa nilalaman ng mga seksyon na ito ay espesipikong at naka-ugnay sa pag kalat ng Covid -19 pandemic, at samakatwid, ang mga kumpanya ay dapat na mag-download ng alituntunin sa platform ng pag-apruba ng panloob na mga regulasyon sa website ng Ministry of Human Resource para sa layunin ng akreditasyon at pagkatapos ay maari ng gamitin ito ng establisyemento upang maiwasan ang anumang maaring maging problema o mga isyu ng uri ng trabaho sa hinaharap.

-3 Ipapataw ba ang mga parusa sa suweldo ng empleyado tulad ng nakasaad sa pag-apruba ng panloob na regulasyon, o magkakaroon ba ng ibang mekanismo?

Ang mga parusa na binanggit sa alituntunin ay inilagay sa paraang hindi sumasalungat sa mga patakaran ng kumpanya at sa simpleng paraan na ang kumpanya ay maaaring sumangguni, pagkatapos ng pag-apruba nito mula sa platform ng panloob na regulasyon sa website ng Ministry of Human Resources. Ang mga parusa na nakasaad ay sa kabuuang sahod ng empleyado, sa kadahilanang ang pagbabawas sa arawang sahod are unti-unitng isinasagawa batay sa bilang ng paglabag, habang isinasaalang-alang ang sistema sa trabaho.

-4 Ano ang mga kailangang pamamaraan na dapat sundin sa pangyayari sa parehong paglabag o maraming paglabag ay nagawa at ang parusa ay mas matindi sa panloob na regulasyon?

Sa kasong ito, ang parusa na nabanggit sa panloob na regulasyon ay dapat maipatupad. Bilang pag diriin, ang alituntunin na ito ay reperensiyang hindi inoobliga para sa mga komersyal na establisyemento na naglalayong palakasin ang pagpapatupad sa mga hakbang sa pag-iwas na nilalayon sa pagharap sa Covid 19 pandemic.

-5 Naangkop ba ang mga parusa na ito kung ang paglabag na ginawa ng isa sa mga empleyado ng isa sa mga tindahan sa loob ng isang commercial center, lalo na't ang isang paglabag ay ipapakita sa tindahan at hindi sa loob ng opisina?

Ang parusa ay angkop sa lahat ng mga empleyado sa loob ng establisyemento kasama ang mga nagtatrabaho sa mga tindahan ng mga commercial center, ang alituntunin ay para sa lahat ng empleyado ng pribadong sector at hindi nalilimitahan sa iisang espisipikong kategorya.